

# PRUSISYUNAL

Jose Martin V. Singh

**Pagtatanghal  
sa Banal**

Unti-unting tinanggal ang telang lila.  
Sinabihan ng Obispo na pagmasdan.

Ang krus  
ay bintana  
sa kawalan.

## Matraka

Papalakpakan ko ang mga bahay upang ipabatid ang pagsapit ng kadiliman ngayong hapon. Sisilab ang mga karosa sa kanilang elektrikang liwanag bagamat sandali lang. At sa sandaling iyon at sa kasunod sasakupin ng katahimikan ang lungsod. Sasabayan ko ang galaw ng kamay ng sakristan na nagsasabing wala. Mananahan ako sa iyo bilang panimulang bati mula sa libo-libong umaalala ngayon sa binitay sa krus. Kung kanina ka pa tahimik sa pagiging aburido, pwes, manood ka. Mahaba-haba ang ating pag-uusapan, ang prusisyon. Sino ba ang mga patay na ito na muling binuhay sa kahoy? At gagasgasan ng mga de goma at de balat na paanan ang sahig na kinauupuan mo. Tumayo ka at tumingin.

Sumama ka sa mga naglalakad tungo sa santuwaryo. Papalakpakan kita. Itutulak papalapit sa akin at sa kawalan ng dilim. Ganito: sasabog ang liwanag mula sa bumbilyang kahel. Marahas kitang papaunlakan ng panata. Kakatok tila lagatok sa iyong bungo. Ipapakilala ko isa-isa ang mga naglalakihang mga poon. Huwag kang mabalisa kapag sinabi kong itiklop ang mga nabuong buod dahil tsaka pa lang mapagninilayan ang sinasabi ko. Pagkalipas ng ilang karosa lalayo at lalayo ang tinig ko. Pero mananatili ako sa iyo. Tulad ni Kristo. At makikita si Kristong nakahimlay sa karosa't nagbubuga ng mga tuhog na sampaguita sa kalibutan.

Napagtanto mo na aliw ka sa himig kong payak na kumakaripas at biglang titigil sa kumpas ng tagahawak. Ginusto mo akong hawakan pagkamatay. Ganito ang sabi mo: Isasakay kita sa aking bangkay. At pagtunog ko tatayo ang lahat ng nakakarinig.

## Pagdating ng Paraan, Dumaan ang Parating

Paparating na si San Pedro  
at ang mga dambuhalang kasama.  
Nakatalâ sa mga ginto ang súkat

ng mga kableng gumagapang sa ulunan.  
Laking gulat namin sa naging  
mensahe ng mga nakasakay sa karosa:

Kami ang bisitang  
kinauukulan, salungat sa kinauululan  
na mga nangangamay na politiko sa tabí.

Siya nga't parating, pahayag  
ng mga matraka. Inusog namin  
ang mga monobloc pabalik.

Kailangang paraanin ang mga nagbabalik.  
Hayaan na si San Pedro nanaman  
ang bumitbit sa gintong

mga pambukas sa wakas—  
pinararatangan niya ng malubhang salá  
ang walang ulap na langit.

Punô ang buwan ng dumi.  
Ang kalye'y linuluhaan  
ng mga kandilang tirik.

Lahat silang santo'y nagdaraan,an,  
mga lukso ng himpapawid.  
Nakikilibing ang mga nakaitim

na sangkot sa taunang galaw.  
Kanilang pahiwatig na hiwaga  
ang darating na pag-araro ng bukid

ng natataong misteryo ng lungsod.  
Nakakatigatig ang bumulusok na palamuti:  
Nakasakay sa karosang'di marunong magtimi.

Ang bubong ng kalye ni hamig  
ay matumbasan ng tinutumbok na  
haraya ng umiiyak na Soledad—

siyang nag-iisa't nahuhuli sa pagdating  
ng paraan. Dahil parating parating  
kapag may linilibing. Paparating.

## Sa Katapusan ng Prusisyon

Pagkabalik sa simbahan ay wala na ito. Isang malaking guwang sa lupa ang sumalubong sa prusisyong nagdaan.

Tumungo kami sa hukay. Ako ay nalula sa lalim. Mga yungib sa paligid sumisipol sa dilim. Nilalaman ng hukay ang ilang'di ko mawari kung bakit nanatili matapos ang pagguho. Sa tuktok ng sementong burol ay kumikinang ang gintong tabernakulo.

Sa paanan ng burol animo'y lumuluhod ang manok. Sumisirit ang dugo nito sa suot na medalyon ni San Benito. Tumilaok makakatlong beses at pinagpag ang pakpak. Ako ay napalingon sa inilawang mga santo kung saan nangunguna si San Pedrong nangangalaga ng hukom na manok. Nakita ko na wala na ito sa tabi niya. Lumingon ako. Lumingon ako sa mga poon na kasabay.

Patuloy ang pagkalembang ng kampana mula nang kami ay makarating. Mas pinalakas ito na tila ay dagundong mula sa kaibuturan ng mundo. Ang tuktok ng noong tore ay nangabulusong sa kalawakan ng hukay. At tumilaok ang manok. At nangalmot ang pagbukas ng pinto ng tabernakulo. Lumakas ang hiyaw ng speakers, buhat ang Dies Irae, na kani-kanina lang ay Pie Iesu ang pinapatugtog.

Sabay sabay naming nahinuha ang kawalan ng simbahan sa pagbalik. Kung ano man ang naging usapan ng pagpapasimula nitong prusisyon ay nabali na ng kinahinatnan ng kasaysayan. Nakita ko ang pagbabago sa ekspresyon ng mga nakasakay sa karosa: nakalawlaw ang mga dila, umaapoy.

Mula sa mga yungib ay dumating ang prusisyon ng mga anino ng santong kahoy. Mga aninong hinulma sa maputik na tubig ng karatig ilog. Dahan-dahang lumapit sa amin, umakyat sa mga gilid ng hukay. Lumapit at lumapit ang mga santong anino at kinompronta ang mga kahawig at humarap sa tabernakulo. Sumabog ang ilaw mula sa ginto. Lumuhod ang lahat sabay napatag ang tubig. Hinawi ng karosa ng Entierro ang lahat ng nakaharang at hinanap ang tabernakulo. Pagkarating ay gumising ang poon mula sa tulog.

Kinain ang sariling katawan. At naglakad siya sa tubig. Nagsalita siya. Sabi:  
Itayo ninyo ang nawawalang simbahan.

Sumaboy ang mga patak ng putik sa mukha namin. May hawak kaming tig-  
iisang kandilang lumalagablab. Hanggang sa nawala ang mga ilaw.

## Santomnambulansya

Natulog ako noong Biyernes Santo,  
Pinanaginipan ang naglipanang prusisyon.

Umalon bigla patungo sa pampang ng  
Aking mukha ang pusok ng biyaya.

Kumalam ang aking tiyan  
Bagamat nanatiling busog.

At ako ay naglakad nang'di nalalaman  
Ang kaibahan ng pagkulo sa pagluhod.

Naglakad kasama ang mga karo ng santo.  
Pagdaan sa taberna, nakaramdam ng kulo.

Ang hiwaga sa isipan ay umiikot,  
Ngumangawngaw, naghahanap ng kaligtasan.

Animo ay nakatusok sa likod ng leeg  
Ang pinakamatimyas na gintong aureola.

Siguro naglakad sa ibabaw  
Ng karo at hinatak ng ilan.

Ang dali makalimutan ng mga naganap  
Habang distintong ulirat ang nagpapalakad.

Gaano ang kantidad na kayang ibuhos  
Ng mukhang noo'y nagtatago sa puno.

Mga hitsurang linikas sa unos  
Ng pukpukan, ng martilyo't paet.



Mga pinagdaanan sa siyudad, mga  
Tirahang sinasagip sa hangin ng tubig ilog.

Akala ko nananaginip lang ako  
Nang magising sa altar ng simbahan.

Pinapanood ang mga labi ng tao,  
Nakatulog ako sa binubulong sa palad.

Ako si San Juan at aking isasaysay  
Ang nahinuhang Rebelasyon.